# TUNGGALIAN NG MAGKAKAPATID

*A Lord's Flock General Assembly Topic*

Ni: Sis Techie "Soar" M. Rodriguez

May 20, 2023

Isang pamilya tayo ng Diyos na nagnanais mahalin ang bawat isa. Ang utos na ito ay inulit ni Jesus sa Kanyang misyon sa lupa: "Magmahalan kayo bilang magkakapatid" (Rom. 12:10). Bukod dito, itinuro sa atin ni Jesus ang pag-ibig ng Diyos (agape) at pag-ibig sa bawat isa (Fil. 4:1). Gayunpaman, may mga magkakapatid na nagkakasalungatan sa isa't isa dahil sa inggit, poot, paninibugho, pagmamataas, hindi pagkakasundo, at kasakiman. Ang salungatan ay hindi bahagi ng plano ng Diyos para sa pamilya. Ang kuwento ng alibughang anak *(The Prodigal Son)* ay isang klasikong halimbawa.

**A. Magkakapatid sa Bibliya**

1. Cain at Abel (Genesis4:1-8)
2. Jacob at Esau (Genesis25:19-27)
3. Jose at kanyang mga kapatid (Gen 37: 12-28)
4. Moses, Aaron at Miriam (Mga Bilang 26: 59)
5. Pedro at Andres (Mateo 4:18)
6. Marta, Maria &Lazarus (Juan 11:1)

**B. Ang Alibughang Anak** *(The Prodigal Son)*. Ang kwento ng alibughang anak ay isang tipikal na halimbawa ng isang taong lapastangan na bumalik sa kanyang ama na puno ng pagsisisi. Malugod siyang tinanggap ng ama na puno ng habag.

**1. Paglalarawan sa bunsong anak na lalaki:**

a. Walang galang
b. Mapanghimagsik
c. Makasarili (ambisyoso)
d. Walang pakialam at iresponsable

**2. Paglalarawan sa panganay na anak na lalaki:**

a. Mayabang
b. Mapagmataas
c. Mainggitin
d. Mapagmagaling
e. *Demanding*
f. Walang pakialam sa nararamdaman ng kanyang ama
g. Walang pakialam sa nawawala niyang kapatid
h. Hindi mapagpatawad
i. walang galang
j. Maling pag-akusa sa kanyang nakababatang kapatid

**C. Ang Pagbabalik ng Alibughang Anak.**

Nagpasyang bumalik ang alibughang anak upang humingi ng tawad at magtrabaho bilang isang alila.

1. Sa kanyang pagdating, ipinagdiwang ng kanyang ama ang kanyang pagbabalik. Bilang karagdagan, pinasuutan ng pinakamahusay na damit, singsing at panyapak: isang simbolo ng awtoridad sa pamilya.

2. Nagselos at galit na galit ang nakatatandang kapatid. Siya ay naging tapat at naglingkod ng maraming taon, ngunit ni minsan hindi siya binigyan ng isang malaking pagdiriwang.

3. Ipinaliwanag ng kanyang ama na siya ay kasama niya sa lahat ng oras at lahat (kalahati ng kanyang kayamanan) ay pag-aari niya bilang panganay na anak na lalaki. (Deut. 21:17).

Gaya nito, tayo rin ay tulad ng alibughang anak. Nawala tayo dati at ngayon, tayo'y natagpuan ng Diyos. Iiwan niya ang siyamnapu't siyam (99) na tupa upang hanapin ang isang nawawalang tupa. Ang ating Ama sa langit ay nagagalak na tayo ay bumalik sa Kanya at magsisi sa ating mga kasalanan. Walang hindi Niya mapapatawad dahil hindi Niya hinahatulan ang mga makasalanan. Mahal Niya tayo ng walang kondisyon.

**Konklusyon:**

Magpasalamat tayo na mayroon tayong Amang nasa langit na nagpapatawad at nagmamahal sa atin kahit na nagkasala tayo sa Kanya. Tunay na malugod Niyang tinatanggap ang Kanyang mga alibughang anak basta't mapagkumbaba itong humihingi ng kapatawaran sa mga kasalanang kanyang nagawa.

**Pagninilay:**

1. Sa pagtukoy sa kuwento ng alibughang anak, kanino mo nakikita ang iyong sarili: Sa panganay o sa bunsong anak?
2. Gaano man tayo masuwayin, batid ba natin na ang ating makalangit na Ama ay matiyagang naghihintay sa ating pagbabalik sa Kanya?
3. Ano ang mga paraan upang magmana ng walang hanggang kayamanan ng Diyos at ang Kanyang kamangha-manghang biyaya?

**Nagsalin sa Filipino:** Sis May Barcita
Na-edit ni: Sis Nida A. Cruz
**Inaprubahan ni/Pinal na na-edit ni:** Sis Vera Tuplano
Para sa higit pang mga pagtuturo, bisitahin ang LF website:**https://lordsflock.org/teachings/**
**Tag:**#MgaPanalangin